

GAWIN ITONG TAG-INIT NG KALIGTASAN



MANATILING LIGTAS SA PAGKAWALA NG KURYENTE



Maghanda para sa mga Pagkawala ng Kuryente

- Ang pagpapalano nang maaga para sa pagkawala ng kuryente ay ang pinakamahusay na paraan upang matiyak ang kaligtasan ng lahat hanggang sa muling bumalik ang mga ilaw.
- Mag-sign up para sa mga alerto sa pamamagitan ng kumpanya ng iyong enerhiya upang maabisuhan ka tungkol sa mga pagkawala ng kuryente.
- Kung gumagamit ka ng mga de-kuryenteng medikal at pantulong na device, tiyaking mag-enroll sa isang medikal na baseline na programa upang matiyak na makakatanggap ka ng abiso ng paparating o kasalukuyang mga kaganapan sa pagkawala ng ilaw.
- Alamin kung paano ka makakatulong sa pamamagitan ng pag-sign up sa Flex Alerts. Bisitahin ang flexalerts.org.



Bago ang Pagkawala ng Kuryente

- Kung gumagamit ka ng mga de-kuryenteng medikal at pantulong na device, magplano nang personal sa sakuna kasama ng pamilya at mga tagapag-alaga para sa kung paano matutugunan ang iyong mga pangangailangan sa panahon ng pagkawala ng kuryente.
- Panatilihin ganap na naka-charge ang mga phone at backup na baterya.
- Magkaroon ng access sa radyong pinapagana ng baterya para sa balita.
- Maghanda ng mga freezer pack, yelo, at palamigan upang panatilihin malamig ang pagkain at gamot.
- Kung mayroon kang de-kuryenteng pinto ng garahe, alamin kung paano gamitin ang manwal na release lever.
- Alamin kung nasaan ang mga circuit breaker at kahon ng fuse mo at kung paano suriin ang mga ito.
- Isulat ang mga numero ng telepono kung sakaling magkaroon ng emergency.



Sa panahon ng Pagkawala ng Kuryente

- Iulat ang mga naputol na linya ng kuryente sa 9-1-1 at sa kumpanya ng iyong utility. Ilayo ang mga tao at alagang hayop. Huwag magmaneho sa mga natumbang linya ng kuryente.
- I-off ang lahat ng naka-on bago ang pagkawala ng kuryente. Mag-iwan ng isang ilaw na makikita mo kapag bumalik ang kuryente.
- Tanggalin sa saksakan ang sensitibong de-kuryenteng kagamitan kung wala kang surge protector.
- Huwag gumamit ng gasera o oven upang magpainit sa bahay mo. Huwag gumamit ng ihawan sa loob para sa layuning pagluluto ng pagkain.
- Panatilihin nakasara ang mga freezer at refrigerator. Pananatilihin malamig ng refrigerator ang pagkain nang halos apat na oras. Ang isang buong freezer ay mananatiling malamig sa loob ng halos 48 oras. Gumamit ng mga palamigan na may yelo kung kinakailangan.
- Gumamit ng generator sa labas lamang, hindi bababa sa 20 talampakan mula sa mga pinto at bintana. Sa loob ng bahay, makakapatay ang nakalalasong tambutso nito sa ilang minuto.
- Pumunta sa isang lugar sa komunidad na may kuryente kung matindi ang init o lamig. Sa pinalawig na mga pagkawala ng kuryente, tawagan ang iyong lokal na county upang maghanap ng mga lokasyon ng kanlungan. Pinaglilingkuran ng mga pampublikong matutuluyan ang lahat at hindi ito puwedeng humingi ng ID. May ilang matutuluyang mas mahusay na mapaglilingkuran ang mga taong may kapansanan o alagang-hayop.
- Suriin kung ang mga kapitbahay, kaibigan, o pamilya ay may kuryente at tanungin kung maaari kang pumunta doon - o ialok ang iyong tahanan kung mayroon kang kuryente at ang iba ay wala.

